

1

“Ipangako mong dadalaw-dalawin mo ang bahay at ’yung dalawang katulong at hardinero ko, ha?” habilin pa ni Geraldine Jimenez sa kaibigang si Justila.

Nasa airport sila at magkayakap habang nagpapaalaman.

“Oo ba. Walang problema. Basta alam mo na kung saan ka tatawag sa ’kin. Anytime. Open lagi ’tong cellphone ko para sa ’yo.” Nakangiting humiwalay ito sa kanya at pinahid ang luha.

“Oo na. Kung may trouble, tatawag ako agad sa ’yo,” pangako pa niya.

“Huh, lalo na ’pag nasa trouble ka. Tawag ka as soon as possible. Para naman ipapa-rescue kita agad.”

Nagkatawanan pa sila.

“Ay, ba’t ba natin napag-usapan ang trouble?” tila naampulingatang ani Justila sa kanya.

“Ikaw kase, eh!” sisi pa niya rito nang nakangiti.

Nagyakapang muli ang dalawa.

“Basta ’yang passport mo, lagi mo lang ilalagay sa dibdib mo para di madaling mawala!”

“Oo na,” aniya sa kaibigan at napatawa.

Weird talaga si Justila.

“At ’yang bag mo at pitaka, lagi mo ’yang isusukbit, ha?”

“Ay, ang mother hen ko talaga! Sige na nga. Susundin ko ang lahat ’yang bilin mo at nang matahimik ka na!” sabi pa niyang pinapahid na rin ang luha sa pamamagitan ng panyo.

Nagbeso-beso pa sila bago naghiwalay. Ilang oras pagkatapos, pumasok na sa gate at nag-board na ng eroplano ang dalaga.

Itinuro sa kanya ang kanyang upuan ng isang flight attendant at naupo na siya sa kanyang designated seat. Kumuha siya ng isang bubble gum sa kanyang shoulder bag at nginuya-nguya iyon. Pagkatapos ay isinuot ang shades.

Naramdaman na lang niya ang kanyang seatmate na umupo sa tabi niya. Pero hindi niya ito ininda.

Mayamaya lang ay nagbibigay na ng last minute safety instructions ang purser. Pagkatapos ay nararamdaman ni Geri na umaangat na ang eroplano sa himpapawid.

Noon naman bumalik sa isip niya ang dahilan kaya siya biglaang nagdesisyon na magbakasyon.

Tumutulo ang luha sa mga mata ni Geri habang pinapanood ang kasalang nagaganap sa simbahang yaon. Nasa labas lang siya at tinakbo na ang kanyang kotse nang papalabas na ang bagong

Crashed Into You - Darlene Bollon

kasal. Dahil nakita niyang masayang nagngingitian ang dalawa na tila ba ang mga ito lang tao sa mundo at wala nang iba pa.

Napakasakit para sa kanyang ipagpalit siya ni Dale sa ibang babae nang ganoon na lang. At ang mas mahirap pa nito ay pinakasalan nito ang babaeng iyon. Hindi niya alam kung gaano na katagal ang relasyon ng mga ito. Basta ngayon lang niya nalaman at ikinakasal na pala ang ex-boyfriend niya sa iba dalawang buwan matapos silang mag-break.

Pinaharurot niya ang kanyang minamanehong sariling kotse. Nagtungo siya sa bahay ng kanyang best friend at nagsumbong dito. Inalo naman siya ni Justila.

“Wag ka nang umiyak. Naiiyak na rin ako sa ’yo, eh,” anitong hinahagod siya sa likod habang magkayakap silang dalawang magkaibigan.

“Hindi ba ako maganda, ha?” aniyang humahagulgol.

“Anong hindi? Bulag lang ang makapagsabing hindi ka maganda!” pagbibigay-assurance pa nito sa kanya.

“Ba’t ipinagpalit niya ako sa iba?”

“Kasi... di niya siguro type ang... ang pagiging conservative mo. Gan’un na rin siguro.” Kumibit-balikat ito.

“Kasalanan ba ’yun? Sabihin mo sa ’kin, Justila.” Kumawala siya sa yakap ng kaibigan at tiningnan ito sa mga mata.

Crashed Into You - Darlene Bollon

“Of course not! Siya lang ang masyadong mababaw mag-isip. Dahil ipinagpalit ka niya sa iba. Don’t worry, makakahanap ka rin ng lalaking magmamahal sa ’yo nang higit sa pagmamahal mo kay Dale.”

Umiling siya sa kaibigan.

“I don’t know kung may darating pang lalaki para sa ‘kin. Dahil di ko kayang ibigay sa kahit na kanino ang sarili ko bago ikasal.”

“Huwag ka na lang muna magsalita nang tapos, okay? The best you can do right now is to start forgetting. Move on, Girl. Ayokong nakikita kang umiiyak.”

Napatango siya at pinahid ang luha.

Lumipas ang ilang mga araw at nakamukmok lang si Geri sa kanyang bahay. Ni hindi siya makapasok sa trabaho niya bilang accountant sa isang kompanya dahil sa pagmumukmok niya.

Kasalukuyan siyang nagbabasa ng magazine at nagkaroon siya ng ideya para hindi na masyadong maiisip si Dale.

Nakita niya ang isang travel advertisement ng Bangkok, Thailand. She had always wanted to go there. At sa palagay niya ay ito na ang magandang pagkakataon na pumunta doon. Maglililiwaliw siya para makalimot. Kaagad siyang kumonekta sa Internet at nag-book online ng kanyang flight. Nag-reserve na rin siya ng accommodation sa isang disenteng hotel at nag-research

ng mga tourist spots na bibisitahin. Ngayon pa lang ay nasasabik na siyang ma-experience ang isang authentic Thai massage.

Naputol ang pagmuni-muni niya nang magsalita ang katabi niyang lalaki.

“Hi, I’m Dick. What’s your name?” anito. Tila nasa cuarenta na ang edad nito.

“Geri,” limitadong sagot niya.

Nakipagkamayan ito sa kanya.

“First time mo papuntang Bangkok?” usisa pa nito.

“Yes, actually. It is my first time,” tugon pa ng dalaga.

Napatingin siya sa window ng eroplano. Nakita niya ang malakas na pagbuhos ng ulan. Nagtataka siya sa panahon sa bigla nitong pagbabago.

Napasimangot siya sa kanyang nakita. Kani-kanina lang ay ang buti ng panahon. Ngayon ay bigla na lang nagbago. Okay lang kaya ang kanilang biyahe?

“I see. Ako, di na mabilang kung ilang beses ako nagpunta roon. Mainly for business katulad ngayon. ‘Yung wife ko naman madalas magpunta sa Bangkok para mag-shopping. She’s Chinese, pero mas type niya pumunta doon kaysa Hong Kong,” kuwento pa ni Dick sa kanya.

“Ah, I see. Good for you. Ilan na ang anak n’yo?” tanong niya

na bumaling sa kausap. Medyo nagbago ang pakikitungo niya sa narinig. Inakala niya kasi kanina na interesado ito sa kanya kaya siya kinakausap.

Ngunit nasa isip pa rin niya ang nagsusungit na panahon. Paano kaya kung mag-crash ang eroplano?

“Isa lang...” tugon ni Dick sa tanong niya.

Ngunit bago pa makapagpatuloy ito sa pagsasalita ay parang biglang lumundag ang eroplano. Natigilan ang lahat ng 182 na mga pasahero. Naalarma silang lahat lalo na si Geri.

Mabilis niyang kinuha ang passport sa bag at ang wallet niya. Inilagay niya sa dibdib ang mga ito na ikinamangha ng kanyang seatmate.

Hindi ito ordinaryong air pocket, naisip pa niya. Lalo na nang maulit ang tila paglundag ng sinasakyan nila. Naramdaman nilang lahat na may tumama na kung anuman sa eroplano. May ilan nang nagsisigawan.

Nagsasalita ang isa sa mga cabin crew at inutusan ang lahat na kunin ang kani-kanyang life jacket. Iyon ay kung saka-sakaling kakailanganin nila ang mga iyon.

Hanggang sa ini-announce na ng piloto ang pagka-crash landing nila. Panay ang dasal ni Geri na huwag sana silang madisgrasya at mamatay. Kahit wala na siyang pag-asa sa kanyang lovelife, napagtanto niyang kailangan pa niyang mabuhay.

Crashed Into You - Darlene Bollon

Narinig nilang may sumabog. At nawalan na ng ulirat si Geri dahil doon. Dumilim ang kanyang paningin hanggang sa wala na siyang alam sa mga sumunod na pangyayari.

Pakiramdam ni Geri ay parang pinaghampasan ng isandaang beses ang kanyang katawan. Umungol siya dahil sa sakit na nadarama sa kanang braso niya at kanang bahagi ng kanyang ulo. Pero may benda ang mga ito paghipo niya.

Dahan-dahang idinidilat ni Geri ang mga mata. Buhay pa pala siya. Akala niya mamamatay na siya. Pero heto nga at may injury naman siya.

“You’re lucky to be alive,” anang isang malalim na boses ng lalaki.